

## **WIKA NA DI NA MASISIIL**

**Ni Wensdy S. Casio**

Ang diwa ng kolonisasyon ay tila pangil na nakagat pa rin sa modernong panahon ng digitisasyon sa buhay ng mga Pilipino. Tatlong makapangyarihang bansa ang sumakop sa Pilipinas, ang Espanya, Amerika at Hapon. Sa magkakaibang panahon ng kanilang pagdating at pananatili ay nag-iwan sila ng marka na tumatak sa kulturang Pilipino na masasalamin sa pagkain, pananamit, paraan ng pamumuhay gayundin sa wika.

Hindi maitatangi na sa mga salitang Filipino ay may malaking pagkakahawig sa wikang Espanyol. Kung iisa-isahin pero at bibilangain ay sosobra sa daliri ng sa mga paa at kamay ang dami ng salita na hango sa bansang ito. Kung susuriin ang etimolohiya ng ilang wikang tagalog ay maiuugnay na ang pinagmulan ng salitang ito ay galing sa Espanya. Narito ang ilang halimbawa ng mga wikang Pilipino na halaw sa wikang Espanyol barako (*verraco*); bulsa (*bolsa*); dehado (*dehado*); diskarte (*descarte*); kabayo (*caballo*) at marami pang iba.

Sa paglabas ng anunsyo at panawagan ng Pambansang Kongreso sa Nanganganib na Wika na humihikayat sa mga guro at mag-aaral o sinomang kawani sa kagawaran ng Edukasyon ang sumulat ng mga pananaliksik na ang midyum na gagamitin ay wikang Filipino. Dito ay dapat silang maging mapagpasalamat sapagkat may departamento na nagbabantay para sa kapakanan ng wikang Filipino. May probisyon sa batas na nangangalaga sa wikang Filipino. Ayon sa Republic Act No. 1704 o mas kilala bilang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) itinadhana dito na sila ang magsasagawa, at magtataguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad,

pagpapalaganap, at pangangalaga sa Wikang Filipino bilang Pambansa wika sa Pilipinas.

Mula sa komisyon, taglay ang babala sa nanganganib na wikang Filipino ay dapat mabahala kung ipagpapatuloy ang hindi pagpansin, pagbabalewala at pagsasantabi na gamitin ang sariling wikang Filipino, ito ay tuluyang itong manganganib at hindi na magamit pa ng maayos ng darating na henerasyon.

May ilang mga nagtataas ng kilay kapag nakarinig ng isang Pinoy na nagsasalita sa wikang Ingles na mali ang paraan ng pagbigkas, maging mali ang pagkagamit ng balarila. Kung sila ay isa sa mga pumupuna sa ganitong senaryo. Natanong na ba nila ang kanilang mga sarili, kung sila ay hindi nagkakamali sa ating paggamit ng wikang hiram at hindi tulad ng Ingles. Maaaring mapagpapaumanhinan na ang ilang mga pagkakamali sa paggamit ng wikang panlabas kung ito ay dagliang pagbikas, (*walang sapat na panahon para makapaghandanda*), pagtalumpati sa harap ng mga di kilala, (*Higit na panatag tayong nagsasalita kung kakilala natin ang ating mga tagapakinig*); o nangangatal sa kaba dahil mga may mataas na kalagayan sa lipunan ang kaharap sa oras ng pananalita at iba pang mga kadahilanan.

Isang katotohan na maraming mapagpuna sa iba ngunit ang sarili ay di nakikita, kagayaya ng wika. Nakasisiguro ba silang alam nilang gamitin ng tugma ang “rin” at “din”; at “daw” at “raw”. Mabuting magbalik tanaw sila noong panahong na uunawan pa ng nakakarami ang salitang lunggati (*wish*); salamisim (memory) at pinilakang tabing (movie screen).

Kamakailan ay naglabas ng programa ang DepEd sa Gitnang Luzon ng Learning Recovery Plan na naglalayon na mabawi ang mga nawalang kakayahan sa mga mag-aaral dahil sa pandemya. Hindi kaya napapanahon din na muli nilang ibalik ang

kagandahan ng wikang pambansa. Upang walang mag-aaral ang magtatanong ano ang ibig sabihin ng karimlan, pusakal, at dalumat. Na naiintindihan pa rin nila kapag may nagsabing “*Siya’y naniningalang pugad*”, “*isang kahig, isang tuka*”

Sa kasalukuyang henerasyong darating karamihan sa mga kabataan ngayon ay higit na nakatuon sa wikang Koreano, Amerikano, Thai at Niponggo. Hindi isasantabi na dahil sa globalisasyon at pagkilala sa Wikang Ingles bilang pangunahing wika para sa komersiyo at negosyo. Subalit huwag naman nilang hayaan na tuluyang mawalan ng kinang ang sariling wika ang wikang Filipino.

Pagyamanin ang paggamit sa minamahal na wika, upang ang kakapusan sa mga sanggunian o reperensya na nakasulat sa wikang Filipino ay maging tulad sa bukal na sapat na pagkukunan ng datos at saligan sa pagbanggit sa pagsusuring pampanitikan (literature review).

Daynamiko at buhay ang wika kung kaya’t sa patuloy nitong pag-ignog ay ang pagbuo ng mga makabago at modernong salita na nagiging tanyag at tanggap ng lahat. “Marites” at “Marisol” ang sumikat na salita ngayong taong 2022, samantalang “charot” at “petmalu” ng nagdaang taon. Balbal man o pormal, ang mahalaga ay nagkakaunawaan. Sa huli ang may akda ay hindi ibig na ipakilala ang kapisasong kakayahan sa paggamit ng wika sapagkat malayo sa pagiging dalubwika, subalit ito ay panawagan upang isalba ang nangagnanib na wika upang di na masiil ng mga kolokyal na kaisipang mas maganda ang sa iba, mas sosyal, mas-uso, mas nakahuhumaling. Sapagkat ang higit na pinakanakapapabagabag-damdamin ay makitang ang ating wika ay patuloy na nasisiil.